Republic of the Philippines
Department of Health
FOOD AND DRUG ADMINISTRATION

20 February 2015

FDA Advisory No.: 2015-007-A

PAKSA: **BABALA SA PUBLIKO TUNGKOL SA PAGGAMIT NG HINDI REHISTRADONG "KIRKLAND SIGNATURE VITAMIN E 400 I.U. SOFTGELS"**

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration ang publiko laban sa paggamit ng hindi rehistradong produkto na "KIRKLAND Signature Vitamin E 400 I.U. Softgels":

Larawan 1. Itsura ng Hindi Rehistradong Gamot

Sa pagsusuri ng Food and Drug Administration (FDA), ang nasabing produkto ay napatunayang hindi rehistrado.

Pinapaalalahanan ang publiko na ang paggamit ng nasabing produkto ay maaring magdulot ng panganib sa kalusugan. Ang kalidad, kaligtasan at bisa ng gamot na ito ay hindi nasuri ng FDA.

Ang mga inspector ng FDA ay inaatasang kumpiskahin ang produktong ito na pinapamahagi o binebenta.

Ang lahat ng mga Local Government Units (LGUs) at iba pang mga kaugnay na ahensya ay hinihikayat na siguraduhing ang produktong ito ay hindi makikita sa kanilang mga pamilihan.

Ang lahat ay binabalaan na ang pagbebenta, pagaangkat, at pamamahagi ng gamot na hindi rehistrado sa FDA ay ipinagbabawal at may kaukulang parusa na naaayon sa Republic Act No. 3720, na inamyenda ng Republic Act No. 9711 o "Food and Drug Administration Act of 2009", at Republic Act No. 8203 o "Special Law on Counterfeit Drugs".

Pinapaalalahanan ang publiko na bumili lamang ng mga gamot sa mga botika o pamilihang lisensyado ng FDA. Atin pong tandaan na ang pagpaparehistro ng gamot ay isa sa mga hakbang ng gobyerno upang masiguro na ligtas, de-kalidad at mabisa ang mga gamot para sa publiko. Maaari po lamang na ugaliing hanapin ang *FDA Registration number* sa pakete ng mga produktong binibili.

Para sa karagdagang impormasyon at mga katanungan, maaaring mag *e-mail* sa info@fda.gov.ph. Hinihikayat ang lahat na sumangguni at magsumbong sa FDA sa anumang patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga hindi rehistradong produkto sa pamamagitan ng pag email sa report@fda.gov.ph o pagtawag sa numero (02)807-8275. Para sa mga *suspected adverse drug reaction*, maaaring mag *e-mail* sa adr@fda.gov.ph.

ATTY. NICOLAS B. LUTERO III, CESO III
OIC-Director IV, Food and Drug Administration

20150212085503